



Natatanging Relihiyosong Pagtuturo – Pormularyo ng Pahintulot ng Magulang (CFMD141)

Pangalan ng Paaralan:

**Ang pormularyong ito ay para sa
mga estudyante sa mga taong (year):**

**Petsa ng pag-isyu ng
pormularyo:**

Pakisauli Sa Petsang:

Ang pormularyong ito ay nagbibigay sa mga magulang ng pagkakataong ipalam kung nais nila o hindi na i-enrol ang kanilang (mga) anak sa isang Natatanging Relihiyosong Pagtuturo (SRI). Oras na ang mga pormularyo ay naisauli at natasa ng paaralan, magpapasya ang punung-guro kung ang SRI ay mabibigyan ng iskediyul sa paaralan.

Ang paaralan ay nilapitan ng (mga) nagboluntaryo sa Natatanging Relihiyosong Pagtuturo upang magbibigay ng SRI sa sumusunod na (mga) relihiyon:

Relihiyon	Ahensiya/Tagapagtaguyod	Karagdagang impormasyon (pangalan ng nagboluntaryo, kinasapiang relihiyon/ simbahang tagatangkilik)	Mga minuto/ oras bawat linggo, tuwing ikalawang linggo/buwan	Tagal ng Programa (halimbawa: isang buwan, term 2 o isang taon)	Inaasahang Maximum na mga Bayarin

Kung hindi makukuha ang mga detalye ng mga indibidwal na nagboluntaryo (kanilang pangalan, akreditadong tagapagtaguyod at relihiyosong organisasyon) sa oras na naisyuhan ng pormularyong ito, ito ay ibibigay sa mga magulang bago ang pagsisimula ng programa sa pamamagitan ng newsletter ng paaralan, sa impormasyon na makukuha sa reception o sa iba pang naaakmang paraan na pinili ng paaralan. Sa pagtanggap ng impormasyong ito, maaaring tanggalin ng mga magulang ang kanilang (mga) anak sa SRI anumang oras kung nais nila. Maaaring tanggalin ng mga magulang ang kanilang (mga) anak mula sa SRI anumang oras sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na abiso sa punung-guro ng paaralan.

Kinukumpirma ko na nabasa at naunawaan ko ang Impormasyon ng Paghintulot ng Magulang tungkol sa SRI sa pahina 2 (paki-tsek)

Pinahihintulutan mo ba ang iyong (mga) anak na lumahok sa SRI kung sakaling mabibigyan ito ng iskediyul sa paaralan?

OO

(paki-tsek ang isa)

HINDI

Kung pinili mo ang oo, pakilista ang mga detalye ng iyong (mga) anak:

Apelyido ng Estudyante	Pangalan ng Estudyante	Antas ng Taon (Year Level)	Alin sa hinahandog na Relihiyon sa itaas ang pinapayagang lahukan sa SRI?

Nauunawan ko na maaaring may katumbas na bayad sa pagbili ng mga materyal para gamitin ng aking anak sa SRI, at ito ay kokolektahin kapag nalaman na kung mabibigyan ng iskediyul ang SRI sa paaralan (paki-tsek)

Pangalan ng Magulang/Tagapag-aruga:

Tirahan:

Lagda: **Petsa:**/...../.....

Kung nais mong lumahok ang iyong (mga) anak sa SRI, paki-tsek ang oo at pakisauli ang pormularyong ito sa petsang tinukoy sa itaas. *Pakitandaan na kung hindi ninyo ibabalik ang pormularyong ito, ipinaalam ninyo na hindi kayo pumapayag na lumahok ang inyong (mga) anak sa SRI sakaling ito ay mabigyan ng iskediyul sa paaralan.*

Special Religious Instruction – Impormasyon tungkol sa Pahintulot ng Magulang

Ang pagtatakda ng Special Religious Instruction (SRI), na ituturo ng mga simbahan at ibang relihiyosong mga grupo, sa mga paaralan ng gobyerno ay pinahintulutan sa ilalim ng seksiyon 2.2.11 ng *Education and Training Reform Act 2006*.

Patakarang Special Religious Instruction

Maaari lamang ihandog at ideliber ang SRI nang naayon sa patakaran ng Kagawaran at Ministerial Direction MD141. Maaaring ihandog ang SRI kung may akreditado at aprobadong nagboluntaryong (mga) magtuturo ng relihiyon na lumapit sa isang paaralan at ang paaralan ay may mga resources upang tumupad sa mga legal na rekisitos at makatitayak na ang mga tungkulin ng pangangalaga ay matutugunan sa lahat ng estudyante habang nasa SRI. Ang SRI ay maaari lamang ihandog nang hindi hihigit sa average na 30 minuto bawat linggo.

Ang mga paaralan ay magbibigay sa mga magulang ng pormularyong ito kung nilapitan ng isang akreditado at aprobadong nagboluntaryo sa SRI. Kapag ang pormularyong ito ay naibigay na sa mga magulang at naipon ang mga ibinalik na pormularyo, magpapasya ang punung-guro kung may sapat nang panustos upang ialok ang SRI sa paaralan.

Ang MD 141 at ang patakaran ay makukuha sa online sa <http://www.education.vic.gov.au/about/department/legislation/Pages/sri.aspx>
<http://www.education.vic.gov.au/school/principals/spag/curriculum/pages/religious.aspx>

Ano ang Special Religious Instruction?

Ang SRI ay pagtuturo sa partikular na mga pananampalatayang relihiyon at mga simulain ng isang relihiyon, at hindi dapat maipagkamali sa General Religious Education (GRE). Ang GRE ay edukasyon tungkol sa mga relihiyon (na maaari o di-maaaring gumagamit na kasama ang mga kinatawan ng isang partikular na pananampalataya para ipaliwanag ang mga paraan at istruktura ng kanilang relihiyon), samantala ang mga programa ng SRI ay pagtuturo sa isang partikular na relihiyon at maaaring kasama ang mga pag-aaral ng banal na kasulatan, ang pagtuturo kung paano mamuhay at kumilos sang-ayon sa mga simulain ng partikular na pananampalataya.

Hindi nagbibigay ang SRI ng buod ng lahat ng mga pananampalataya at relihiyon. Bawat partikular na SRI na iniaalok ay pagtuturo sa isang pananampalataya lamang, handog ng isang simbahan o ibang grupong relihiyoso. Dahil sa relihiyosong katangian ng programa, ang Department of Education and Early Childhood Development ay hindi nag-eendorso ng nilalaman ng programa na ginagamit sa pagtuturo ng SRI ng akreditadong nagboluntaryong mga instruktur.

Sino ang mga nagtuturo ng Special Religious Instruction?

May isang hanay ng mga pananampalataya ang makukuha ng mga paaralan, kabilang na ang Kristiyanidad, Hudaismo, Budismo, Hinduismo, Islam, Baha'i, at Sikismo. Ang mga relihiyong mayroon sa mga paaralan ay iba-iba depende kung may mga instruktur na lumapit sa paaralan. Sa kasalakuyan ang mga tagataguyod na nag-aakreditado sa nagboluntaryo sa Special Religious Instructors ay:

Relihiyon	Ahensiya/Tagataguyod	Website ng tagataguyod para sa higit pang impormasyon	Numero ng telepono ng tagataguyod
Kristiyanidad	ACCESS Ministries	http://www.accessministries.org.au/	1800 063 341
Katolisismo	Catholic Education Office	http://www.ceomelb.catholic.edu.au/	9267 0228
Islam	Arkan Toledo/Islamic Council of Victoria	http://arkan.org.au/	1300 857 797
Hudaismo	United Jewish Education Board	http://www.ujeb.org.au/	9038 5028
Budismo	Religions for Peace Australia (RfP)	http://religionsforpeaceaustralia.org.au/	
Ortodoks na Kristiyanidad			
Pananampalatayang Baha' i			
Sikismo			
Hinduismo			

Ang mga nagboluntaryong instruktur ay may kaugnayan sa isang simbahan o relihiyosong organisasyon. Ang ginagampanan nila ay hindi tulad sa isang guro. Para makakuha ng akreditasyon, kinakailangan nilang sumailalim sa pagsasanay mula sa isang tagataguyod na nakalista sa itaas, at lumagda sa koda ng asal na bumabalangkas kung paano sila aasal sa isang paaralan ng gobyerno. Isang rekisito ng akreditasyon na may bisang Working With Children Check ang mga nagboluntaryo.

Paglahok sa Special Religious Instruction

Ang paglahok sa Special Religious Instruction ay boluntaryo. Hindi ipapasok ng mga paaralan ang mga bata sa SRI kung walang pahintulot ng mga magulang na sumali ang bata. Ang materyales ng SRI ay makukuha sa online at sa pamamagitan ng ahensiyang naghahatid ng SRI para marepaso ng mga magulang.

Hinihilingan ang mga magulang na sagutin at ibalik sa paaralan ang pormularyong ito kung nais nilang makalahok ang kanilang anak sa SRI, kapag ito ay iniaalok sa paaralan. Kung ang pormularyong ito ay hindi naisauli, ang bata ay hindi makakasama sa SRI, kapag ito ay inialok. Ang mga estudyanteng hindi kalahok sa SRI ay magiging abala sa mga pang-edukasyon at makabuluhang aktibidad na labas sa buod ng kurikulum na gaganapin sa isang klasrum o lugar ng pag-aaral na hiwalay sa mga estudyanteng lumalahok sa SRI.

Maaari mong patigilin ang iyong anak/mga anak mula sa Special Religious Instruction ano mang oras sa pamamagitan ng nakasulat na pabatid sa punung-guro ng paaralan.

Higit pang impormasyon

Ang MD141 at patakaran ng Kagawaran ay maaaring makuha sa <http://www.education.vic.gov.au/about/department/legislation/Pages/sri.aspx>
<http://www.education.vic.gov.au/school/principals/spag/curriculum/pages/religious.aspx>